Ang Aking mga Dahilan

George Landis

Salin sa Tagalog ng “My Reasons”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Ang Aking mga Dahilan

Ang mga Dahilan ng Aking Pagbibitiw bilang Pastor ng First Baptist Church ng New Castle, Pa. at sa Ministeryong Baptist

(Binasa noong umaga ng Araw ng Panginoon, Hulyo 31, 1932, sa harap ng kongregasyon ng First Baptist Church ng New Castle, Pa., sa huling araw ng pagiging pastor ni George M. Landis, matapos ang pitong taon at kalahating paglilingkod.)

Mahal na mga Kapatid kay Cristo Jesus:

Ayon sa pangakong ginawa nang basahin ang aking pagbibitiw ilang linggo na ang nakalipas, nais ko ngayong ilahad ang mga dahilan na nag-akay sa akin na gawin ang hakbang na ito. Ang katarungan sa kongregasyong buong-katapatang sumuporta sa amin sa nakalipas na pitong taon at kalahati ay humihingi na ibigay ko ang mga dahilang ito. May mga bulung-bulungan na na aalis daw ako dahil hindi ako sinuportahan ng iglesya gaya ng nararapat; dahil may ilang tao sa iglesya na sumalungat sa akin; dahil kinailangan ng kongregasyon na bawasan ang aking sahod. Hayaan ninyong sabihin ko nang buong diin na wala sa mga ito ang dahilan ng aking pagbibitiw.

Ang kongregasyon ay buong-katapatan at buong-kagandahang-loob na sumuporta sa amin. Hindi naman inaasahan na sa isang pangkat ng isang libong tao ay magkakasundo ang lahat sa amin. Marahil ay nagpapakita pa sila ng pambihirang espirituwal na pagkakilala at mabuting paghatol sa hindi pagsang-ayon sa amin sa lahat ng bagay. Gayunman, namangha kami

sa halos nagkakaisang pagsang-ayon sa aming ministeryo. Tungkol sa kamakailang pagbawas sa aming sahod, iyon ay lubos na makatarungan at angkop. Hindi salapi ang nagdala sa amin dito, at hindi salapi ang naglalayo sa amin. Kaya umaasa kami na walang mag-iisip na kami ay aalis dahil sa anumang ginawa o hindi ginawa ng kongregasyong ito; o dahil may kahit kaunting hinanakit kami sa sinumang tao, mga tao o samahan sa iglesya. Ang iglesyang ito ay nagkaroon ng kahanga-hangang rekord ng kabaitan sa mga pastor nito. Napanatili at napatibay pa ang rekord na ito sa nakalipas na pitong taon at kalahati. Sagana ninyong tinugunan ang aming mga pangangailangan, buong-kabaitan ninyo kaming inalalayan sa ilang pagkakasakit, ipinakita ninyo sa amin ang bawat Cristianong paggalang, napakamapagpaumanhin kayo sa aming maraming pagkukulang, at lubhang mapagbigay kayo sa papuri sa aming iilang tagumpay. Lagi naming iingatan ang alaala ng inyong pag-ibig na ipinahayag sa di-mabilang na paraan sa nakalipas na mga taon.

Ang Aming Pinaniniwalaan

Bago magpatuloy, nadarama naming kailangan naming muling ilahad nang maikli ang mga bagay na aming pinaniniwalaan at sinikap ipangaral sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

1. Naniniwala ako na ang Banal na Kasulatan ay ang Salita ng Diyos na kinasihan sa bawat salita, walang mali at may kapamahalaan, at ang tanging lubos na sapat na batayan ng pananampalataya at gawain.

2. Naniniwala ako sa iisang Diyos, na walang hanggang umiiral sa tatlong persona: ang Diyos Ama, ang Diyos Anak at ang Diyos Espiritu Santo. Ang tatlong ito ay iisa

sa likas, pantay sa kapangyarihan at kaluwalhatian, at ang bawat isa ay may natatanging bahagi sa gawain ng kaligtasan.

3. Naniniwala ako sa lubos na pagka-Diyos ng Panginoong Jesucristo; na Siya ang walang hanggang Anak ng Diyos, kapantay ng Ama. Naniniwala ako na tungkol sa Kanyang katawan, Siya ay ipinaglihi ng Espiritu Santo at ipinanganak ng birheng si Maria; na Siya ay namuhay nang walang kasalanan; na sa krus ay namatay Siya para sa mga di-maka-Diyos; na Siya ay muling binuhay mula sa mga patay; na Siya ay umakyat sa Langit kung saan Siya ngayon ay namamagitan para sa Kanyang sariling bayan, at mula roon ay babalik Siya balang araw.

4. Naniniwala ako na ang Banal na Espiritu ay isang Banal na Persona at hindi lamang isang impluwensyang walang persona. Kinasihan Niya ang Kasulatan; Siya ang Ahente ng pagkakumbinsi at pagbabagong-buhay; binabautismuhan, tinatatakan, tinatahanan at pinapahiran Niya ang bawat mananampalataya; at pupuspusin Niya ang lahat ng mananampalatayang sumusuko sa Kanyang pagkilos.

5. Naniniwala ako na ang tao ay nilalang at hindi nag-ebolb, na siya ay nahulog dahil sa kasalanan, na siya ngayon ay lubos na masama, at na malibang siya ay ipanganak na muli ay hindi niya makikita ni mapapasok ang Kaharian ng Diyos.

6. Naniniwala ako na ang pagtubos ay lubos na sa pamamagitan ng mahalagang dugo ni Cristo, na naghandog ng Kanyang sarili nang walang dungis sa Diyos, na namatay sa krus bilang Kahalili ng lahat ng sumasampalataya sa Kanya.

7. Naniniwala ako na ang kaligtasan ay lubos na mula sa biyaya ng Diyos, tinatanggap lamang sa pamamagitan ng personal na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; na ito ay lubos na hiwalay sa gawa ng tao, ngunit nagbubunga ito ng mabubuting gawa. Naniniwala ako na pinagpalang pribilehiyo ng bawat mananampalataya na malaman na siya ay ligtas at na siya ay walang hanggang tiwasay kay Cristo Jesus.

8. Naniniwala ako na tungkulin ng bawat Cristiano na maging saksi para sa Panginoong Jesucristo, at ang pagpapatotoong ito ay dapat kaayon ng kaayusan ng Bagong Tipan; na misyon ng iglesya na ipangaral ang Ebanghelyo sa buong mundo.

9. Naniniwala ako na ang pag-asa ng Iglesya ay ang personal at bago-ang-milenyong pagbabalik ng Panginoong Jesucristo; at na ang kapayapaan at pagpapala ay darating sa mundong ito lamang sa pamamagitan ng Kanyang paghahari bilang matuwid na Hari ng lupa.

10. Naniniwala ako sa pagkabuhay na muli ng katawan, sa may-kamalayan at walang hanggang kaligayahan ng mga ligtas, at sa may-kamalayan at walang hanggang kaparusahan ng mga napapahamak.

11. Naniniwala ako na ang Panginoong Jesucristo ay nagtatag ng dalawang ordinansang dapat isagawa sa Kanyang iglesya, ang bautismo at ang Hapunan ng Panginoon. Naniniwala ako na ang maka-Kasulatang bautismo ay ang paglulubog ng katawan ng mananampalataya sa tubig, na sumasagisag sa katotohanan ng kanyang pakikiisa kay Cristo sa Kanyang kamatayan, paglilibing at pagkabuhay na muli. Naniniwala ako na ang mga personal na nagsisi sa

kanilang mga kasalanan at nanampalataya sa Panginoong Jesucristo lamang ang dapat bautismuhan.

Minamahal, ang mga bagay na ito ang pinaniwalaan namin nang dumating kami rito. Ang mga bagay na ito ang sinikap naming ipangaral sa loob ng pitong taon at kalahati, at ang mga bagay na ito ay mas matibay naming pinaniniwalaan ngayon kaysa kailanman. Tiyak na walang paratang ng paglayo sa pananampalataya ang maihaharap laban sa amin; at tiyak na ito ang mga bagay na pinaniniwalaan sa gitna ninyo at na igigiit ninyong paniwalaan at ipangaral ng inyong susunod na pastor.

Ang Kaayusan ng Iglesya

Marahil ay napansin ninyo na sa pahayag na ito ng pananampalataya ay wala kaming binanggit tungkol sa organisasyon, patakaran at pamamahala ng Iglesya. Ito ang nais naming talakayin ngayon.

Mula pa sa mga unang taon ng aming karanasang Cristiano ay nakilala namin na maraming bagay sa makabagong buhay-iglesya ang hindi matatagpuan sa Bagong Tipan. Sa loob ng ilang panahon, hindi ito gaanong bumagabag sa amin. Ikinalungkot namin ang paglayo sa mga prinsipyo ng Bagong Tipan, ngunit inakala naming binago ng mabubuting tao sa paglipas ng mga panahon ang ilang gawi ayon sa paniniwala nilang hinihingi ng kalagayan. Nadama naming dapat naming tanggapin ang "status quo" at gawin ang pinakamabuti sa kalagayan.

Gayunman, mga labing-apat na taon na ang nakalipas, habang pinag-aaralan namin ang Salita at sinisikap iayon ang aming pananampalataya at gawain sa mga

utos at halimbawa nito, natuklasan namin na may ilang doktrina at gawi na pinahihintulutan ng samahang kinabibilangan namin noon at kung saan kami naglilingkod, na hindi na namin maipagtanggol, lalo pang maipahayag sa iba. Kaya umalis kami sa denominasyong iyon, at naghanap kung may pangkat ng mga Cristiano na makakasundo namin, at tila pinakamalapit na kaayon ng Banal na Kasulatan.

Noong panahong iyon ay malinaw naming nadamang inakay kami sa Baptist Church, na sa mga doktrina at gawi nito ay malaki ang aming pagsang-ayon. Humanga kami na ipinahahayag nito na ang Biblia ang "tanging batayan ng pananampalataya at gawain." Ikinagalak namin ang mga doktrina ng biyaya na pinanghahawakan ng mga kongregasyong pinaglingkuran namin pagkatapos. Tinamasa namin ang Cristianong kalayaang ibinigay sa amin ng Baptist church. Sa loob nito ay gumugol kami ng labintatlong masasayang taon ng paglilingkod. Doon ay mayroon kaming napakaraming tapat na kaibigan na ang pag-ibig ay lagi naming iingatan. Naging pribilehiyo naming tamasahin ang pakikisama ng ilang nakatalagang ministro ng Salita, mga lalaking puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo; mga lalaking handang mamatay para sa "pananampalataya na minsan magpakailan man ay ibinigay sa mga banal."

Sa mga sumunod na taon, habang naglilingkod kami sa tatlong Baptist Church at patuloy na nag-aaral ng Kasulatan, napansin namin ang malaking pagkakaiba ng iglesya ngayon at ng iglesya sa Bagong Tipan. Sa kabila ng napakahusay na kagamitan, ng napakagaling na organisasyong idinisenyo para sa pinakamataas na kahusayan, at ng paggalang ng mga hindi kaanib, ang

iglesya ngayon ay hindi maihahambing sa espirituwal na kapangyarihan at personal na kabanalan sa iglesya ng Bagong Tipan, na walang inaakalang kalamangan ng kayamanan, kagamitan, mahusay na organisasyon at pagsang-ayon ng sanlibutan. Ano nga ba ang napakinabangan ng iglesya sa paglayo nito sa kapayakan ng Bagong Tipan at sa paggamit nito ng maraming pakanang idinikta ng karunungan ng tao?

Nang mga panahong bumabagabag sa amin ang mga tanong na ito, natuklasan namin na may ilang kapulungan ng mga taimtim na Cristiano na nagtitipon ayon sa paraan ng Bagong Tipan at nagsisikap panatilihin ang "kapayakang na kay Cristo." Humanga kami sa sigasig sa ebanghelyo, sa alab sa misyon, at sa halos di-kapani-paniwalang kaalaman sa Kasulatan ng karaniwang mga mananampalataya sa kanila. Bagaman hindi kami magiging ganoon kapangahas na sabihing naaabot nila ang mataas na pamantayan ng espirituwal na kapangyarihan at bisa na ipinakita ng Iglesya sa Bagong Tipan, kinailangan naming aminin na malayo ang kanilang inabante kaysa sa pamantayan ng iba't ibang denominasyonal na iglesya.

Kaya, bilang isang mabuting Baptist, pumunta kami sa aming "tanging batayan ng pananampalataya at gawain," ang Banal na Kasulatan. Napatunayan na ng naunang karanasan ang karunungan ng ganitong hakbang. Tiyak na hindi kami masisisi sa pagpunta sa pinakabukal ng lahat ng awtoridad para sa iglesya sa lupa. Masisisi ba kami sa pagsusuri sa bawat bahagi ng buhay at patakaran ng iglesya sa liwanag ng Bagong Tipan, at sa pagtimbang ng lahat ng aming ginagawa sa iglesya sa timbangan ng santuwaryo?

Isa pang prinsipyo ng pagpapakahulugan ang gumabay sa aming pagsisiyasat. Matagal na naming natutunan ang katotohanan ng pahayag ng Diyos: "Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon. Sapagka't kung paanong ang langit ay mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip" (Isa. 55:8, 9). Natuklasan ko na tungkol sa kaligtasan, espirituwal na paglago at propetikong programa ng Diyos, ang mga pag-iisip at daan ng Diyos ay lubhang mas mataas kaysa sa mga pag-iisip at daan ng tao, kaya kung hindi dahil sa nagliliwanag na ministeryo ng Banal na Espiritu, walang sinuman sa atin ang makauunawa sa mga ito. Ang mga pag-iisip ng Diyos ay hindi salungat sa katwiran ng tao; nilalampasan nila ito. Natuklasan namin na kapag tinanggap ang mga pahayag ng Banal na Kasulatan ayon sa tuwirang kahulugan ng mga ito, ang lahat ay ganap na makatwiran. Ipagpalagay ang isang persona na lubos na marunong, makapangyarihan sa lahat at nasa lahat ng dako—isang buháy at mapagmahal na Diyos—at ang lahat ng nasa Kasulatan ay nagiging kasing-lohikal ng isang syllogism, at kasinlinaw ng sikat ng araw sa katanghalian.

Kaya, habang maingat at may panalangin naming ipinagpatuloy ang pagsasaliksik sa Bagong Tipan, hindi kami nagulat o nabigla na makatagpo ng maraming katotohanan tungkol sa iglesya na lubos na salungat sa mga pananaw at gawing karaniwang pinanghahawakan sa buong Sangkakristiyanuhan, at maging sa denominasyong Baptist. Natagpuan namin na ang tradisyon at kaginhawahan ng tao ay sa maraming punto

ay pumalit, nagdagdag o nagbago sa payak na turo ng Bagong Tipan tungkol sa Iglesya. Anong landas ang dapat tahakin ng anak ng Diyos sa liwanag ng mga katotohanang ito? Dapat ba kaming sumang-ayon sa mga gawi ng tao, kahit ng mabubuti at tapat na tao, at gawin na lamang ang pinakamabuti sa kalagayan? Dahil naturuan kami at nagturo kami sa iba ng prinsipyong Baptist na gawing tanging batayan ng pananampalataya at gawain ang Bagong Tipan, iisa lamang ang magagawa namin, anuman ang maging personal na kapalit, at iyon ay ang sundin ang Salita ng Diyos. At tiyak na may Kasulatan kami para rito. Mababasa natin, "At ito ang pagibig, na tayo'y magsilakad ayon sa kaniyang mga utos. Ito ang utos, na gaya ng inyong narinig buhat nang pasimula, ay dapat kayong magsilakad diyan" (II Juan 6). Sa lahat ng bagay ay dapat nating itanong ang tanong mismo ng ating Panginoon, "Mula ba sa langit, o sa mga tao?" (Lucas 20:4). Mababasa rin natin, "Sa pamamagitan ng iyong mga tuntunin ay nagtamo ako ng unawa: kaya't aking ipinagtatanim ang bawa't sinungaling na lakad" (Awit 119:104).

Lalo pa kaming nakumbinsi na ang Iglesya ay hindi lamang may pananagutang gawin ang gawain ng Diyos, kundi may pananagutan ding gawin ito sa paraan ng Diyos, at sa Kasulatan lamang malinaw na ipinakikita ang Kanyang paraan.

Inihaharap namin ang sumusunod na apat na panukala na nagbubuod sa resulta ng aming pagsisiyasat sa sinasabi ng Bagong Tipan tungkol sa ecclesiology, o mga doktrinang may kinalaman sa iglesya.

I. Ang Katotohanan ng Pagkakaisa ng Iglesya ay Halos Itinatanggi ng Kasalukuyang Sistemang Denominasyonal

Nanalangin ang ating pinagpalang Panginoon para sa praktikal na pagkakaisa ng Kanyang mga tagasunod: "Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi pati naman yaong mga magsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita; Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo" (Juan 17:20, 21). Ang Diyos lamang ang nakaaalam kung gaano karaming di-paniniwala ang naidulot ng napakaraming pagkakahati sa Iglesya.

Sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, iisang katawan lamang ang nabuo noong Araw ng Pentecostes. Umiiral ang iisang katawang iyon noong panahon ni Apostol Pablo, sapagkat sa pamamagitan ng Espiritu ay isinulat niya: "Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at may maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo. Sapagka't sa isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo'y mga Judio o mga Griego, maging tayo'y mga alipin o mga laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu" (I Cor. 12:12, 13). At muli, "Na mangagsikap na ingatan ang pagkakaisa ng Espiritu sa bigkis ng kapayapaan. May isang katawan, at isang Espiritu, gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang pagasa ng pagkatawag sa inyo" (Efe. 4:3, 4).

Ngunit ano ang nakikita natin ngayon? Humigit-kumulang 1500 iba't ibang sekta at denominasyon,

nagtitipon sa iba't ibang pangalan, pinamamahalaan ng iba't ibang tuntunin, at bawat isa ay nagsasabing ito ang tunay na Iglesya o ang pinakatunay na pagpapahayag ng Iglesya sa lupa. May nagtitipon sa pangalan ng isang iginagalang na tagapagtatag, may sa isang doktrina, may sa isang gawi, at may sa isang ordinansang itinalaga ng Diyos.

Mahirap tantiyahin ang epekto ng ganitong kalagayan sa isang bagong nagbalik-loob. Saang pangkat o samahan siya sasali? Nalilito siya sa kaguluhan ng mga tinig sa paligid niya. Dahil hindi pa siya matatag sa Biblia, madalas ay nahahadlangan ang kanyang buhay-Cristiano dahil hindi siya makapagpasya, at nawawala sa kanya ang mga pakinabang ng Cristianong pakikisama.

Sinisipi namin ang karanasan ng iba. "Ilang taon na ang nakalipas, dalawang Cristianong hindi pa magkakilala ang magkasamang naglalakbay sa isang karwahe ng tren. Matapos ang ilang usapan tungkol sa Panginoon at sa Kanyang mga gawain, yumuko ang isa sa kanila at nagsabi, 'Maaari ko bang itanong kung saang denominasyon ka kabilang?' 'Aba, karaniwang tanong iyan,' sagot ng isa, 'ngunit maaari mo bang sabihin muna kung ano sa palagay mo ang dapat gumabay sa akin sa aking mga landas bilang isang Cristiano?'

"Agad siyang sumang-ayon na ang Salita lamang ng Diyos ang tiyak na makagagabay sa kanya. 'Kung gayon, kung papayag ka,' sabi ng kanyang kapwa manlalakbay, 'sasagutin ko ang iyong tanong sa pamamagitan ng isa pang tanong: Saang denominasyon ako inilalagay ng Salita ng Diyos?' Matapos mag-isip, sinabi niya, 'Aba, wala.' 'Kung gayon, hindi ako maaaring mapabilang sa alinman,' sagot ng isa; 'sapagkat kung oo (ayon na rin sa

sarili mong pahayag) malinaw na ako ay nasa kalagayang hindi pinaglagyan sa akin ng Salita ng Diyos.'

"'Ngunit,' sagot ng unang nagsalita, 'hindi ba pinapayuhan tayo ng Salita ng Diyos na "huwag nating pabayaan ang ating pagkakatipon, at lalo na habang inyong nakikitang nalalapit ang araw" (Heb. 10:25)?'

"'Oo, pinapayuhan nga. Ngunit hindi kailangang mapabilang ang isang Cristiano sa isang denominasyon upang sundin ang salitang iyon; sapagkat sinabi ng Panginoong Jesus, "Sapagka't kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa (o, sa literal, tungo sa) aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila" (Mat. 18:20).'" (Are You A "Member"? And of What? ni G. C.)

Sa halip na sang-ayunan ang sektaryang sistemang denominasyonal, mahigpit itong kinokondena ng Bagong Tipan at ipinahahayag na tanda ito ng pagkamakalaman. Pakinggan ang mga salita ng Espiritu sa pamamagitan ni Pablo: "Sapagka't ipinaalam sa akin tungkol sa inyo, mga kapatid ko, ng mga kasangbahay ni Cloe, na sa inyo'y may mga pagtatalo. Ngayon ito ang ibig kong sabihin, na ang bawa't isa sa inyo'y nagsasabi, Ako'y kay Pablo; at ako'y kay Apolos; at ako'y kay Cefas; at ako'y kay Cristo. Nabahagi baga si Cristo? ipinako baga sa krus si Pablo dahil sa inyo? o kayo baga'y binautismuhan sa pangalan ni Pablo?" (I Cor. 1:11-13). "At ako, mga kapatid, ay hindi makapagsalita sa inyo na gaya sa mga ayon sa espiritu, kundi gaya sa mga ayon sa laman, gaya sa mga sanggol kay Cristo. . . sapagka't kayo'y mga makalaman pa: sapagka't samantalang sa inyo'y may mga paninibugho at mga pagtatalo, hindi baga kayo'y mga makalaman, at nagsisilakad ayon sa kaugalian ng mga

tao? Sapagka't kung sinasabi ng isa, Ako'y kay Pablo; at ng iba, Ako'y kay Apolos; hindi baga kayo'y mga tao?" (3:1, 3, 4). Kabilang sa mga gawa ng laman na nakalista sa Gal. 5:19-21 ang "mga pagtatalo, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya" (sa literal, "mga sekta"), na ang lahat ng ito ay pinapayuhan ang anak ng Diyos na iwasan.

Mababasa rin natin, "Sa iglesia ng Dios na nasa Corinto, sa makatuwid baga'y sa mga pinapaging-banal kay Cristo Jesus, na tinawag na mangagpakabanal, kasama ng lahat na nagsisitawag sa bawa't dako sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, na Panginoon nila at atin . . . Tapat ang Dios, na sa pamamagitan niya'y tinawag kayo sa pakikisama ng kaniyang Anak na si Jesucristo na Panginoon natin. Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, alangalang sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, na kayong lahat ay mangagsalita ng isa lamang bagay, at huwag magkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi; kundi kayo'y mangalubos sa isa lamang pagiisip at sa isa lamang paghatol" (I Cor. 1:2, 9, 10). Ito ang pakikisamang pinagtawagan sa anak ng Diyos. Ang karapat-dapat na Pangalan ng Panginoong Jesucristo ay sapat na bilang sentrong pagtitipunan. Ang pumili ng ibang pangalan ay di-tuwirang pag-amin na kulang ang Pangalan Niya na sentro ng pagsamba sa langit. Bilang mga indibidwal, makuntento tayo sa mga pangalang ibinibigay sa atin ng Salita ng Diyos: "mga banal," "mga mananampalataya," "mga alagad," "mga anak ng Diyos," "mga Cristiano" at "mga kapatid."

Naniniwala ako na ang Iglesya ay binubuo ng lahat ng ipinanganak na muli at binautismuhan ng Banal na Espiritu sa iisang katawan na si Cristo sa kaluwalhatian

ang Ulo. Naniniwala ako na dapat nitong tanggapin ang lahat ng tinanggap ni Cristo, at matatag sa paniniwala at gawain.

Matapos makita na ang katotohanan ng pagkakaisa ng Iglesya ay halos itinatanggi ng kasalukuyang sistemang denominasyonal, na nagbubunga ng sektaryanismong makatarungang kinokondena sa Bagong Tipan, dumarating tayo sa ikalawang panukala:

II. Ang Banal na Kaayusan para sa Pagsamba ng Iglesya ay Hindi Sinusunod sa Kasalukuyang Sistemang Denominasyonal

Ang Hapunan ng Panginoon ay itinatag ng ating Panginoon Mismo noong gabi ring Siya ay ipagkanulo. Inutusan ang mga alagad, "gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin." Sinasabi sa atin ng Banal na Espiritu sa ikalabing-isang kabanata ng I Corinto, "Sapagka't sa tuwing kakanin ninyo ang tinapay na ito, at iinumin ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa siya'y dumating." Tungkol sa kung paano naunawaan ng mga unang Cristiano ang mga pahayag na ito, mababasa natin, "At sila'y nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin" (Gawa 2:43); at muli, "At nang unang araw ng sanglinggo, nang kami'y nangagkakatipon upang pagputolputolin ang tinapay, si Pablo ay nakipagmatuwiran sa kanila, na nagnanais na umalis sa kinabukasan" (Gawa 20:7, R. V.). Malinaw na gawi ng unang iglesya na magtipon tuwing Araw ng Panginoon upang alalahanin ang Panginoon sa pagpuputol-putol ng tinapay, at sa gayon ay ipinahahayag ang Kanyang kamatayan hanggang sa Siya ay dumating.

Sinisipi namin ang isa pa: "Ang sumasakop sa pinakakapansin-pansing lugar sa mga Assembly ng bayan ng Diyos noon ay hindi isang 'mangangaral' ni isang 'pulpito' kundi isang 'mesa' na kinapapatungan ng mga sagisag, 'tinapay at alak.' Ang mga unang mananampalatayang iyon ay tinipon sa Kanya (Mat. 18:20). Siya ang batobalani na umaakit sa kanilang mga puso, at nagpapaligaya at nagpapasiya sa kanila. Ang kagandahan ng paraang iyon ng pagtitipon ay ang mismong kapayakan nito. Walang kaayusan o palamuti ng tao! walang 'serbisyo sa altar,' walang 'kasuotang pang-pari,' walang natatanging 'koro na nakabata' . . Wala silang ibang nangunguna sa kanilang pagsamba sa Assembly kundi ang Banal na Espiritu; Siya ay sapat; itinuon Niya ang kanilang puso kay Cristo. Sa 'kagandahan ng kabanalan' sinamba nila Siya, ang kanilang Panginoon. Ito ang pagsamba 'sa espiritu at sa katotohanan' (Juan 4:24). Ito ay maganda at nagpaparangal sa Diyos, sapagkat ito ang Kanyang sariling kaayusan. Walang lugar doon ang kapalaluan ng laman. Walang nakita kundi 'si Jesus lamang' (Mat. 17:8)" (Hugh Kane.)

Ang payak na pista ng pag-ibig na ito, na siyang pulong-pagsamba ng iglesya ng mga apostol, ay sa napakaraming kaso ay naging dagdag na lamang sa halip na pangunahing bahagi ng ating pagsamba. Idinaraos ito paminsan-minsan lamang, sa halip na tuwing Araw ng Panginoon. Ang pamumuno ng Banal na Espiritu ay halos isinantabi para sa pamamahala ng "isang nangangasiwang klerigo"—isang personang hindi kilala sa Bagong Tipan. Itinatanong namin, saan sa Bagong Tipan itinalaga ang isang tiyak na tao, opisyal man o hindi, upang "mangasiwa ng Hapunan ng

Panginoon"? Matatag naming pinaniniwalaan na ang pagpasok ng mga pakana at tradisyon ng tao ay nag-alis ng malaking bahagi ng magandang kapayakan at espirituwal na kabungahan ng banal na paglilingkod na ito. Marami sa tinatawag ngayong pagsamba ay maling pangalan lamang.

Sunod naming natuklasan na:

III. Ang Banal na Kaayusan para sa Ministeryo at Pamamahala ng Iglesya ay Hindi Sinusunod sa mga Sistemang Denominasyonal Ngayon

Napakaikli lamang ang masasabi namin sa puntong ito, sapagkat halos ubos na ang oras na nakalaan sa amin.

Ang karaniwang ideya ng organisasyon ng Iglesya ay isang pangkat ng mga kaanib na kilala bilang "laiko," na pinamumunuan ng isang tao na kilala bilang "klerigo," na naglilingkod bilang "pastor" ng partikular na kongregasyong iyon. Halos lahat ng ministeryo at malaking bahagi ng pangangasiwa at pamamahala ay nasa iisang taong ito—at sa ilang kaso, sa iisang babae. Ang pastor sa denominasyong ito, gaya ng sa marami pang iba, ay pinipili ng kongregasyon, karaniwan pagkatapos niyang "mag-kandidato para sa posisyon." Binabayaran siya ng takdang sahod. Inaasahang ipangangaral niya ang Ebanghelyo at ituturo ang Salita ng Diyos sa regular na mga serbisyo ng Iglesya. Siya ang tagapangulo ng mga business meeting nito, at pangkalahatang tagapangasiwa ng iba't ibang gawain nito. Karaniwan siyang inoordenahan ng isang konseho ng mga iglesya, at sa gayon ay nagiging kinikilalang "ministro" o "klerigo." Karaniwang ibinibigay sa kanya ang titulong "Reverendo," at kumikilos siya sa isang piling bilog na kilala bilang "ang klero," na iba sa "laiko."

Hindi na kailangang pagtalunan na sa Kanyang biyaya ay ginamit ng Diyos ang sistemang ito at nakagawa ng maraming espirituwal na tagumpay sa pamamagitan nito. Malaya naming inaamin na maraming nakatalaga at masigasig na lingkod ng Diyos ang naglalaan ng kanilang buhay sa ganitong mapagsakripisyo at di-makasariling paglilingkod. Ngunit iisang tanong ang aming itinataas: "Maka-Kasulatan ba ito?" Buong-tapang naming ipinahahayag na wala kaming makitang anuman sa Bagong Tipan na kahit malapit sa ganitong sistema. Ang ministeryong pang-isang-tao sa iglesya ay hindi kilala sa Aklat na, bilang mga Baptist, ay sinasabi naming kinikilala bilang "aming tanging batayan ng pananampalataya at gawain."

Hindi natin kailanman nababasa sa Bagong Tipan ang "ang pastor ng isang iglesya," kundi madalas ay "ang mga pastor" sa isang iglesya. Sila ay mga hinog na kapatid na nagpapakita ng pagpapastol na pagkalinga sa kawan ng Diyos. Walang sinasabi tungkol sa pagsasagawa nila ng anumang pampublikong ministeryo gaya ng pangangaral o pagtuturo.

Nang umakyat sa itaas ang Panginoong Jesucristo, nagbigay Siya ng mga kaloob sa mga tao. "At ibinigay niya ang mga iba'y apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at guro" (Efe. 4:8, 11). Ang unang dalawa, mga apostol at propeta, ay pansamantalang tungkulin at bahagi ng pundasyon ng templo (Efe. 2:20). Ang tatlong iba pa, mga ebanghelista, pastor at guro, ay ibinigay sa Iglesya para sa pagpapatibay nito. Ngunit sa anumang paraan ay hindi sila bumuo ng isang hiwalay na pangkat na kilala bilang "ang klero," na iba sa "laiko." Ang bawat mananampalataya ay saserdote sa Diyos, at may pantay

na paglapit sa Ama gaya ng bawat ibang mananampalataya. Ang klerikalismo ay banyaga sa Bagong Tipan, maliban upang kondenahin sa ilalim ng katawagang "Nicolaitanismo" (Apoc. 2:6, 15), "na aking kinapopootan," sabi ng niluwalhating Cristo.

Ang pagtanggap ng sinumang mananampalataya ng titulong "Reverendo" ay itinuturing naming isang mabigat na pag-angkin sa isang titulong tanging sa Diyos. Isang beses lamang matatagpuan ang salita sa Kasulatan, at iyon ay iniuukol kay Jehova: "Banal at kagalang-galang ang kaniyang pangalan" (Awit 111:9). Ang titulong minsang nagpakilig sa amin at hindi namin kaunting ipinagmalaki ay nagpapaurong na sa amin ngayon kapag ginagamit ito sa amin ng mga taong may mabuting intensyon. Naaalala namin ang mga salita sa Job 32:21, 22: "Huwag nawa akong magpakita ng pagtatangi sa kaninomang tao; ni magbigay man ng mga pamagat na pakunwari sa kaninomang tao. . . sa ibang paraa'y kukunin ako agad ng May-lalang sa akin."

Hinahamon namin ang sinuman na makatagpo ng utos o halimbawa sa Bagong Tipan, "ang aming batayan ng pananampalataya at gawain," para sa mga sumusunod na ideya o pananalita: "Isang iglesyang tumatawag ng pastor," "isang pastor na nagkakandidato sa isang iglesya," "isang kandidatong tumatanggap ng tawag mula sa isang kongregasyon," "ang pagtatakda ng sahod ng pastor," "isang pampublikong serbisyo para sa pagkilala o pagluluklok sa pastor," "ang pagdedeklarang bakante ang pulpito," "isang pastor at ang kanyang parokya," "isang klerigo at ang kanyang iglesya," "isang konseho para sa ordinasyon," "punong-tanggapang denominasyonal," "ang pagbibigay ng lisensya upang mangaral," at iba pa.

Naniniwala kami na ang ministeryong pang-isang-tao ay salungat sa isip ng Espiritu Santo at nagpapabagal sa paglago ng katawan ni Cristo sa pamamagitan ng paghadlang sa paggamit ng maraming kaloob mula sa Diyos. May hilig itong magtayo ng hirarkiya sa loob ng iglesya, at halos humahantong sa isang pagkasaserdote, kilalanin man ito sa pangalang iyon o hindi. Madalas nitong ginagawang lingkod ng tao ang lingkod ng Diyos, at napapasailalim sa kalooban ng tao sa halip na ng Diyos. Hindi ito makatarungan sa maliliit na iglesya na hindi makapagbabayad ng malalaking sahod, sapagkat halos sa malalaking iglesya lamang napupunta ang mga namumukod na kaloob.

Mula sa usapin ng ministeryo, babaling kami sa isa pang usapin bilang pagtatapos.

IV. Ang Modernismo ay Mabilis na Pumapasok sa Ating Sariling Denominasyon at Mabilis na Nakakamit ang Renda ng Kapangyarihan

Sa loob ng labintatlong taon ay nakita namin ang pagsulong ng manipis na pagkukunwaring ito ng agnostisismo at kawalang-pananampalataya. Ang mga lalaking tumatanggi at minamaliit ang marami sa dakilang pundamental na doktrina ng Baptist Church ay sa malaking bahagi ay nakuha na ang makinarya ng denominasyon. Ang mga kalihim ng estado at ng bansa, mga pangulo at guro ng kolehiyo, mga propesor ng teolohiya, mga nangungunang pastor at mga manggagawa ng denominasyon ay madalas na alinman sa hayag na Modernista o walang simpatiya sa Fundamentalismo. Ang aming samahang tagapaglathala ay nagbebenta, nang walang babala, ng mga aklat na magpapamukhang baguhan si Tom Paine. Ang aming

Samahang Pangmisyonero sa Ibang Bansa ay nagpupumilit na panatilihin ang tinatawag na "inclusive policy," na nangangahulugang ang konserbatibo at liberal na pakpak ng denominasyon ay kapwa kakatawanin sa mga larangang misyonero. Maliban sa iilan, ang aming mga teolohikong seminaryo ay hindi mapagkakatiwalaan, maliban sa pagpapadala ng masisigasig na Modernista o ng mga Konserbatibong kulang sa paghahanda.

Sa loob ng maraming taon ay nadama naming tungkulin naming tumutol at lumaban mula sa loob, umaasang balang araw ay malilinis ang denominasyon mula sa lahat ng impluwensyang modernista. Wala na kaming ganoong pag-asa. Naniniwala kami na tinatawag ng Diyos ang Kanyang bayan na humiwalay sa lahat ng kasamaan at huwag makisama sa mga walang-bungang gawa ng kadiliman. Totoo pa rin na hindi makalalakad nang magkasama ang dalawa malibang sila ay magkasundo.

Pagtatapos

Kaya bilang buod ng resulta ng pagsisiyasat na ito sa aming katayuan sa iglesya sa liwanag ng Bagong Tipan, natagpuan namin na:

Ang katotohanan ng pagkakaisa ng Iglesya ay halos itinatanggi ng kasalukuyang sistemang denominasyonal;

Ang banal na kaayusan para sa pagsamba ng Iglesya ay hindi sinusunod sa kasalukuyang sistemang denominasyonal;

Ang banal na kaayusan para sa ministeryo at pamamahala ng Iglesya ay hindi sinusunod sa mga sistemang denominasyonal ngayon; at na:

Ang Modernismo ay mabilis na pumapasok sa ating sariling denominasyon at mabilis na nakakamit ang renda ng kapangyarihan.

Ang panghawakan ang mga pananaw na inilahad namin sa itaas ay ginagawang imposible ang pagpapatuloy ng aming kasalukuyang katayuan, dahil sa mga sumusunod na dahilan:

Dapat kaming maging tapat sa Salita ng Diyos ayon sa aming pagkakita rito. Dapat kaming maging tapat sa sarili naming budhi. At dapat kaming maging tapat sa Iglesyang ang sahod ay aming tinatanggap, at ang pagtanggap sa pagiging pastor nito ay nangangahulugan ng pagsusulong ng mga doktrina at kapakanan nito. Upang manatiling inyong pastor, kinailangan sana naming maging di-tapat sa inyo o sa sarili naming budhing naliwanagan ng Salita ng Diyos. Ang ituro ang mga pananaw na inilahad namin dito ay tiyak na makasasama sa kasalukuyang organisasyon at patakaran ng Iglesyang ito. Anumang kasalanan ang ibintang sa amin, hindi namin kailanman sinaksak ang kamay na nagpakain sa amin o ipinagkanulo ang tiwalang ibinigay sa amin. Ngunit, mahal kong mga kaibigan, anuman ang kapalit, dapat akong maging tapat sa Pinagpalang tumubos sa akin ng Kanyang mahalagang dugo; dapat akong maging tapat sa Salita ng Diyos; dapat akong maging tapat sa sarili kong budhi.

Kaya, matapos ang maraming panalangin para sa patnubay, nadarama kong iisa lamang ang landas na bukas sa akin. Ang tahakin ang landas na ito ang pinakamahirap na bagay na ipinagawa sa akin kailanman. Ang landas na iyon ay ang magbitiw sa

pagiging pastor ng iglesyang ito at sa ministeryong Baptist.

Hindi ko sinikap na isama ang iba, bagaman nais kong makita ang bawat Cristiano na lumalakad ayon sa payak na katotohanan ng Salita ng Diyos; kaya inilaan ko ang pahayag na ito hanggang sa aking huling araw kasama ninyo. Habang ako ay nasa pulpitong ito, naging tapat ako rito. Gayunman, dapat kong patotohanan na ang pagpapahayag ng aking pagbibitiw ay nagdulot ng malaking kapayapaan sa puso at budhi. Maaaring nakagawa ako ng isang malaking pagkakamali. Ngunit sa sarili kong Panginoon ako tatayo o babagsak. Balang araw ay tatayo ako sa harap ng Kanyang hukuman, kung saan mahahayag ang mga motibo ng aking puso. Sa liwanag ng araw na iyon, wala akong ibang landas na matatahak kundi ang talikuran ang lahat ng kaugnayang denominasyonal, kapalit ng isang payak na pakikisama sa Panginoong Jesucristo at sa mga nagtitipon sa Kanyang Pangalan lamang, sa kapayakan ng pagsamba ayon sa Bagong Tipan.

Kung itatanong, "Saan ka na kabilang ngayon?" ang sagot ko ay, "Ako ay kay Cristo." "Ngunit," maaaring idagdag ng iba, "sa ilalim ng anong pangalan ka nagtitipon ngayon?" "Nagtitipon ako tungo sa Pangalan ng Panginoong Jesucristo; at tiyak na wala nang mas dakilang pribilehiyo para sa akin." "Saan ka sasamba?" maaaring itanong ng iba. "Sasamba ako kasama ng mga kapwa mananampalataya kay Cristo na nagtitipon lamang sa Pangalan ng Panginoong Jesucristo, ayon sa kapayakan ng Bagong Tipan, at matatag sa pamumuhay at doktrina."

Aalis ako nang may pusong umaapaw sa Cristianong pag-ibig sa bawat isa sa inyo. Hinahangad ko para sa inyo ang pinakamabubuting pagpapala ng Diyos. Lubos kong pinahahalagahan ang di-mabilang na mga bagay na ginawa ninyo para sa akin at sa aking pamilya. Hindi ako titigil sa pasasalamat sa Diyos sa bawat pag-alaala sa inyo.

"At ngayo'y ipinagtatagubilin ko kayo sa Dios, at sa salita ng kaniyang biyaya, na makapagpapatibay sa inyo, at makapagbibigay sa inyo ng mana sa gitna ng lahat ng mga pinapaging-banal" (Gawa 20:32). Gawin ninyo ito, sa katotohanan at hindi lamang sa teorya, na "tanging batayan ng inyong pananampalataya at gawain"; sapagkat "Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas."

—George M. Landis

Sa paanan Mo, Panginoong Jesus,
Dito ang aking lugar;
Dito'y natuto ako ng malalim na aral,
Katotohanang nagpalaya sa akin.
Malaya sa aking sarili, Panginoong Jesus;
Malaya sa mga daan ng tao;
Ang mga tanikala ng isip na gumapos sa akin
Ay hindi na muling makagagapos.
Ikaw lamang, Panginoong Jesus,
Ang gumapi sa aking suwail na kalooban;
Kung hindi dahil sa Iyong pag-ibig na nag-uudyok,
Suwail pa rin sana ako.
(J. N. Darby)